★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 23 ★

Mga Pansagip-Buhay na Pagbabago para sa Mga Pasyenteng Nagda-dialysis

Tatlong beses kada at bawat linggo, 80,000 taga-California na may End Stage Renal Disease ang pumupunta sa isa o mahigit 600 sentro ng pangkomersiyong dialysis sa estado kung saan inaabot sila ng tatlo hanggang apat na oras na nakakonekta sa makina na nag-aalis ng kanilang dugo, nililinis ito, at ibinabalik ito sa kanilang mga katawan. Literal na ang dialysis ang nagpapanatili sa kanilang buhay, at dapat nilang ipagpatuloy ang panggagamot sa kanilang buong buhay o hanggang sa makatanggap sila ng transplant ng bato.

Dahil ang mga buhay ng ating mga kapwa taga-California ay nakadepende sa dialysis na parehong ligtas at mabisang isinasagawa, ibinibigay namin ang aming ganap na suporta para sa *Batas sa Pagprotekta ng Mga Buhay ng Mga Pasyenteng Nagda-dialysis (Protect the Lives of Dialysis Patients Act),* isang inisyatiba na lalabas sa balota sa Nob. 3. Ang inisyatibong ito ay gagawa ng matatalinong pagpapahusay sa panggagamot na dialysis na poprotekta sa ilan sa karamihan ng mga medikal na nasa panganib na tao sa ating lipunan.

Ang inisyatiba ay may apat na pangunahing bagay na ginagawa:

Una, inaatasan nito ang doktor o nurse practitioner na manatili sa klinika anumang oras habang ginagamot ang mga pasyente, na kasalukuyang hindi inaatas. Ang dialysis ay isang mapanganib na pamamaraan, at kung magkakaproblema, dapat na may malapit na doktor o lubos na sinanay na nars.

Pangalawa, madaling magkaroon ng mga impeksyon ang mga pasyenteng nagda-dialysis mula sa kanilang mga panggagamot na maaaring humantong sa mas malulubhang karamdaman o pagkamatay. Inaatas ng inisyatibang ito sa mga klinika na mag-ulat ng tupmak na datos tungkol sa mga impeksyon sa mga pang-estado o pederal na pamahalaan para matukoy at malutas ang mga problema para maprotektahan ang mga pasyente.

Pangatlo, tulad ng lahat ng iba pang pansagip-buhay na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, isinasaad ng inisyatiba na hindi maaaring isara ng mga korporasyon para sa dialysis ang mga klinika o bawasan ang kanilang mga serbisyo maliban kung aaprubahan ng estado. Idinisenyo rin ito para protektahan ang mga pasyente, partikular na sa mga rural na komunidad, para tiyaking may akseso sila sa panggagamot na dialysis, at para ihinto ang korporasyon ng dialysis mula sa paggamit ng mga pagsasara para palakihin ang kanilang kita.

Pang-apat, ipinagbabawal nito ang pandidiskrimina ng mga klinika laban sa mga pasyente dahil sa uri ng seguro na mayroon sila, at pinoprotektahan nito ang mga pasyente sa bawat klinika. Kahit nasa mayamang kapitbahayan sila o sa mahirap, rural, komunidad ng Itim o Kayumanggi, kakailanganin ng lahat ng klinika na magkaroon ng doktor o nurse practitioner sa sityo, kakailanganin ng lahat ng klinika na iulat ang kanilang antas ng impeksyon sa pang-estado o pederal na pamahalaan, at ipagbabawal sa lahat ng korporasyon ng dialysis ang pandidiskrima laban sa mga pasyente dahil sa uri ng seguro na mayroon sila.

Huwag makinig kapag ipinapahayag ng industriya ng dialysis na bubuo ang inisyatiba ng malalaking bagong gastusin o isinasaad na malalagay sa panganib ang mga pasyente o ipinapahayag na gagawa ito ng kakulangan ng mga doktor—idinisenyo lang ang mga pekeng pangangatwirang iyon para gamitin ang mga pasyente at ang pandemya ng coronavirus bilang panakot sa kanilang mga hindi tapat na kampanya sa pampublikong relasyon. Sa katotohanan, ang mga korporasyong ito ay madaling makakagawa ng mga pagbabago at magagawa pa ring kumita ng daan-daang milyong dolyar sa isang taon nang hindi nasisira ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Gagawin ng Proposisyon 23 ang mga pagbabagong kailangan natin para tunay na maprotektahan ang mga pasyenteng nagda-dialysis. Isinusulong naming bumoto kayo ng OO!

MEGALLAN HANDFORD, Rehistradong Nars ng Dialysis

PASTOR WILLIAM D. SMART, JR.
Southern Christian Leadership Conference ng Southern California

CARMEN CARTAGENA, Pasyenteng Nagda-dialysis

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 23 ★

Ang Proposisyon 23 ay isang MAPANGANIB AT MAGASTOS NA PANUKALA na pinondohan ng isang grupong may espesyal na interes na walang karanasan sa dialysis. Mahigit 100 nangungunang organisasyon ang lubos na isinusulong ang: HINDI sa 23.

- BINABALAAN NG KAPISANAN NG MGA NARS NG AMERIKA\CALIFORNIA NA MAPANGANIB ANG PROP. 23: *"Halos 80,000 mamamayan ng California na may kondisyong pagpalya ng bato ang umaasa sa dialysis para mabuhay. Magdaragdag ang Prop. 23 ng mga hindi kailangan at magastos na kinakailangan na maaaring magpasara sa daan-daang klinikang dialysis—mapanganib na binabawasan ang akseso sa pangangalaga at inilalagay ang libo-libong mahihinang pasyente sa malubhang panganib."*
- ISINUSULONG NG MEDIKAL NA KAPISANAN NG CALIFORNIA ANG HINDI SA PROP. 23: *"Aalisin ng Proposisyon 23 ang libo-libong doktor mula sa mga ospital at klinika—kung saan sila kinakailangan—at ilalagay sila sa mga burukratikong trabaho sa mga klinikang dialysis na hindi nararapat sa kanila. Papalalain ng Prop. 23 ang ating kakulangan ng doktor at mas paghihintayin tayong lahat para makapagpatingin sa ating mga doktor."*
- MGA MAMAMAYANG PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS, ISANG ORGANISASYONG NAGTATAGUYOD NG PASYENTE NA KUMAKATAWAN SA 28,000 PASYENTE: *"Nagbabanta ang Prop. 23 sa access sa pangangalaga, na mas naglalagay sa mga pasyenteng nagda-dialysis sa panganib ng pagkamatay dahil sa mga nakaligtaang panggagamot."*
- NAACP CALIFORNIA: *"Desproporsyonadong nakakaapekto ang sakit sa bato sa mga taong iba ang lahi. Pinaka-pinapahirapan ng Prop. 23 ang mga minoryang pasyente at ang mga nasa dehadong komunidad."*
- KOMITE NG PROTEKSYON SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG CALIFORNIA: *"Papataasin ng Prop. 23 ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan sa $320,000,000 taun-taon. Papahirapan ng malaking pagtaas na ito ang mga mamamayan ng California na nahihirapan na sa pananalapi."*

WALANG SAYSAY ANG PROP. 23

Nasa ilalim na ng pangangalaga ang bawat pasyenteng nagda-dialysis ng kanilang sariling doktor sa bato. At ibinibigay ang mga panggagamot na dialysis ng mga espesyal na sinanay na nars at technician ng dialysis. Dagdag pa rito, malawak na kinokontrol ng pederal at pang-estadong pamahalaan ang mga klinikang dialysis at klinika sa California na nahihigitan ang iba pang estado sa kalidad ng klinika.

SAMAHAN ANG MGA DOKTOR, NARS, TAGAPAGTAGUYOD NG HUSTISYA AT PASYENTE: HINDI SA 23!

www.NoProposition23.com

MARKETA HOUSKOVA, DNP, RN, Ehekutibong Direktor
Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California

DEWAYNE COX, Pasyenteng Nagda-dialysis para sa Bato

PETER N. BRETAN, MD, Presidente
Medikal na Kapisanan ng California

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 23 ★

ISINUSULONG NG MGA NARS, DOKTOR, AT PASYENTE ANG HINDI SA 23—ANG PROPOSISYONG MAPANGANIB AT MAGASTOS NA DIALYSIS

Halos 80,000 mamamayan ng California na may kondisyong pagpalya ng mga bato ang nakakatanggap ng panggagamot na dialysis tatlong araw sa isang linggo para manatiling buhay. Ginagawa ng panggagamot na dialysis ang tungkulin ng mga bato na alisin ang mga lason sa katawan. Ang pagliban sa isang panggagamot ay nagpapataas sa panganib ng pagkamatay ng pasyente sa 30%.

Malubhang inilalagay sa panganib ng Prop. 23 ang akseso sa pangangalaga para sa libo-libong mamamayan ng California na kailangan ng dialysis para manatiling buhay. Kaya naman ang Kapisanan ng mga Nars ng Amerika\California, Medikal na Kapisanan ng California, at tagapagtaguyod ng pasyente ay SUMASALUNGAT sa Prop. 23.

PUPUWERSAHIN NG PROP. 23 ANG MGA KLINIKANG DIALYSIS NG KOMUNIDAD NA ITIGIL ANG MGA SERBISYO AT MAGSARA—NA NAGLALAGAY SA MGA BUHAY NG PASYENTE SA PANGANIB

Pupuwersahin ng Proposisyon 23 ang mga klinikang dialysis na magkaroon ng tagapangasiwang doktor sa sityo sa lahat ng oras, kahit na hindi sila ang magbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente. Ang bawat pasyenteng nagda-dialysis ay nasa ilalim na ng pangangalaga ng kanilang personal na doktor sa bato at ibinibigay ang mga panggagamot na dialysis ng espesyal na sinanay at may karanasang nars at technician.

Papataasin ng walang saysay na burukratikong mandatong ito ang mga gastusin ng klinika nang daan-daang milyon taon-taon, na naglalagay sa kalahati ng lahat ng klinika sa panganib ng pagsasara.

"Mapanganib na binabawasan ng Prop. 23 ang akseso sa pangangalaga, naglalagay sa mga mahihinang pasyenteng nagda-dialysis sa malubhang panganib."*—Marketa Houskova, Doktor ng Kasanayan ng Nars, RN, Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California*

MAS PAPALALAIN NG PROP. 23 ANG ATING KAKULANGAN NG DOKTOR AT HAHANTONG SA MAS PAGDAMI NG TAO SA EMERGENCY ROOM

"Aalisin ng Proposisyon 23 ang libo-libong doktor mula sa mga ospital at klinika—kung saan sila kinakailangan—at ilalagay sila sa mga burukratikong trabaho sa mga klinikang dialysis na hindi nararapat sa kanila. Hindi ito ang oras para palalain ang ating kakulangan ng doktor." *—Dr. Peter N. Bretan, MD, Presidente, Medikal na Kapisanan ng California*

Lubos na sumasalungat ang mga doktor sa emergency room sa Prop. 23. Pupuwersahin nito ang mga klinikang dialysis na magsara—nagdadala ng daan-daang mahihinang pasyente sa mga emergency room, gumagawa ng mas matagal na paghihintay sa ER, at binabawasan ang kakayahang humarap sa malulubhang emergency.

PAPATAASIN NG PROP. 23 ANG MGA GASTUSIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NANG DAAN-DAANG MILYON

Ayon sa pag-aaral ng Grupo ng Mananaliksik ng Berkeley, papataasin ng Prop. 23 ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan nang $320 milyon taon-taon. Ang malaking pagtaas na ito ay nakakapinsala lalo na sa maraming mamamayan ng California na nahihirapan sa pananalapit.

MAHIGPIT NA KINOKONTROL NG MGA KLINIKANG DIALYSIS AT NAGKAKALOOB NG DE-KALIDAD NA PANGANGALAGA

Malawakang kinokontrol ng pederal at pang-estadong pamahalaan ang mga klinikang dialysis. Ayon sa mga pederal na Centers for Medicare & Medicaid Services, nahihigitan ng mga klinikang dialysis sa California ang iba pang estado pagdating sa kalidad ng serbisyo ng klinika at pagkakuntento ng pasyente.

"Ang bawat pasyenteng nagda-dialysis ay nasa ilalim na ng pangangalaga ng espesyalistang doktor sa bato, at ibinibigay ang mga panggagamot na dialysis ng mga espesyal na sinanay na nars at technician. Walang saysay ang pag-aatas sa mga tagapangasiwang doktor sa sityo nang full-time." *—Dr. Jeffrey A. Perlmutter, MD, Presidente, Kapisanan ng mga Doktor sa Renal, kumakatawan sa 3,500 doktor sa bato*

ISA PANG ESPESYAL NA INTERES NA AABUSO SA ATING SISTEMA NG INISYATIBA

Ang parehong grupong nagsusulong sa Prop. 23 ay gumasta ng $20,000,000 sa huling halalan na nagsusulong ng katulad na panukala na tinanggihan ng mga botante. Muli nila itong ginagawa, nagsusulong ng isa pang proposisyong mapanganib na dialysis.

MGA DOKTOR, NARS, AT TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE: HINDI SA 23!

• Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California • Medikal na Kapisanan ng California • Koalisyon ng Tuluy-Tuloy na Sakit • NAACP California • Kapisanan para sa Diyabetes ng Latino • Alyansa ng Mga Kababaihang Beterano • Institusyon ng Kalusugan ng Minorya

www.NoProposition23.com

MARKETA HOUSKOVA, DNP, RN, Ehekutibong Direktor
Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California

LETICIA PEREZ, Pasyenteng Nagda-dialysis para sa Bato

PETER N. BRETAN, MD, Presidente
Medikal na Kapisanan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 23 ★

NAIS PROTEKTAHAN NG MGA KORPORASYON NG DIALYSIS ANG KANILANG MGA TUBO

Noong 2018, gumasta ang industriya ng dialysis ng California ng rekord na *$110 milyon* para talunin ang isang inisyatiba para pahusayin ang mga kondisyon sa mga klinikang dialysis at protektahan ang mga pasyente mula sa malaking pagsingil.

Bakit sila gumasta nang napakalaki? *Para protektahan ang kanilang malaking $468 milyong tubo sa California noong 2018.*

Para sa mga pasyente, nakakasagip ng buhay ang dialysis. Pero para sa mga ehekutibo ng industriya, isa itong malaking pagkakakitaan, kaya muli nila itong ginagawa, nagdaragdag ng takot sa pamamagitan ng pagbabanta ng pagsasara ng mga klinika kung maipapasa ang Prop. 23 at mananagot sila sa mas matataas na pamantayan. Ginagamit ulit nila ang mga pasyenteng nagda-dialysis na may malubhang karamdaman para pagtakpan ang kanilang mga karagdagang kita at milyong dolyar na sahod.

Maling ipinapahayag nila na magdudulot ang inisyatiba ng malaking gastos, *batay sa kaduda-dudang "pag-aaral" na binayaran NILA.*

Ipinapahayag nila na salungat ang mga doktor dito, *pero marami sa mga doktor na iyon ay kanilang empleyado.*

Sinasabi nilang magdudulot ito ng mga kakulangan ng doktor at pagdami ng tao sa mga emergency room, *pero hindi tumatao ang mga doktor sa bato sa mga ER.*

Sinasabi nila na lubos nang kinokontrol ang mga klinikang dialysis, *pero humaharap sila sa mas kaunting inspeksyon kumpara sa iba pang pasilidad ng kalusugan, at kahit na ganoon, madalas na hindi inihahayag ang mga pagkukulang.*

Gumagawa ang Prop. 23 ng matatalinong pagpapahusay para maprotektahan ang mga buhay ng mga pasyente, tulad ng pagkakaroon ng doktor sa sityo para harapin ang mga emergency, pag-aatas sa mga sentro na mag-ulat ng datos tungkol sa impeksyon, pagwawakas sa diskriminasyon laban sa ilang pasyente batay sa uri ng seguro na mayroon sila, at pag-aatas sa estado na aprubahan ang anumang pagsasara ng klinika para hindi mapabayaang hindi nagagamot ang mga pasyente.

Panghuli, mapoprotektahan ng mga taga-California ang mahihinang pasyenteng nagda-dialysis sa pamamagitan ng pagboto sa *YesOnProp23.com.*

EMANUEL GONZALES, Technician ng Dialysis
PASTOR WILLIAM D. SMART, JR.
Southern Christian Leadership Conference ng Southern California

ROBERT VILLANUEVA, Pasyenteng Nagda-dialysis